# Pag-asikaso sa mga dayuhang nasyonal na nagbabalak pumasok sa Japan

Hunyo 26, 2020
(Binago noong Oktubre 7, 2022)
Immigration Services Agency of Japan

## 1. Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility o mga dayuhang nasyonal na nag-aapply para sa Certificate of Eligibility

**[1] Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility**

Karaniwang ito ay may bisa nang tatlong buwan, ngunit bilang isang espesyal na kaso, ito ay pangangasiwaan tulad ng sumusunod.

◯ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Enero 1, 2020 hanggang Abril 30, 2022 ay ituturing bilang may bisa hanggang Oktubre 31, 2022.

◯ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu mula Mayo 1, 2022 hanggang Hulyo 31, 2022 ay ituturing bilang may bisa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pag-isyu.

*Para sa mga aplikasyon para sa mga Certificate of Eligibility na isusumite hanggang Enero 31, 2023 na walang pagbabago mula sa nakaraang aplikasyon, isang bagong Certificate of Eligibility ang madaliang iisyu, bilang panuntunan, sa pagsumite ng aplikante ng (1) dating inisyu na Certificate (orihinal o kopya) at (2) pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon, atbp. Mangyaring tumingin **dito** para sa mga detalye.

**[2] Mga dayuhang nasyonal na nag-aapply para sa Certificate of Eligibility**

Kapag napagpasyahang baguhin ang araw ng simula ng aktibidad para sa aplikasyong kasalukuyang pinoproseso, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging ang pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri.

## 2. Mga dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission habang pinoproseso ang aplikasyon para residence

**[Paalala] Itong pag-asikaso ay hindi naaangkop para sa mga aplikasyong isinumite mula Oktubre 11, 2022.**

Kung ang isang dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission (kabilang na ang special re-entry permission) ay nagsumite ng aplikasyon para sa permisong baguhin ang status of residence, ng aplikasyon para sa permisong i-renew ang period of stay, o ng aplikasyon para sa permanent residence bago umalis ng Japan, at hindi makabalik ng Japan dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19), ang kamag-anak sa Japan o empleyado mula sa tumatanggap na organisasyon ay papayagang tanggapin ang residence card kaugnay sa pahintulot sa aplikasyon bilang proxy, at ang aplikanteng nasa labas ng Japan ay maaaring mag-apply para sa landing gamit ang re-entry permission.

## 3. Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang kanilang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may re-entry permission atbp.

**[Paalala] Itong pag-asikaso ay isasagawa hanggang Abril 30, 2023. *Mangyaring sumangguni sa bawal link para sa mga detalye.**

[1] Mga dayuhang nasyonal na hindi naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (“Permanent Resident”, at iba pa)

Mangyaring mag-apply para sa visa sa misyong diplomatiko kung saan ikaw ay kasalukuyang nananatili.

*Mangyaring tumingin **dito** para sa mga detalye hinggil sa mga “Permanent Resident”.

*Mangyaring tumingin **dito** para sa mga detalye hinggil sa mga “Long-term Resident (hindi sakop ng abiso)” at “Designated Activities (hindi sakop ng abiso)”.

[2] Mga dayuhang nasyonal na naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (Student, Technical Intern Trainee, teknolohiya, humanities, internasyonal na trabaho, at iba pa.)

Kung ang isang dayuhang nasyonal na naninirahan sa Japan bilang mid to long-term resident (Student, Technical Intern, at iba pa), ay umalis ng Japan na may re-entry permission ngunit hindi makabalik dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) at nag-expire na ang kanilang period of stay, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging application form at pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri kung sila ay mag-aapply muli para sa Cetrificate of Eligibility.

*Tumingin **dito** para sa mga detalye.

[3] Mga dayuhang nasyonal na nanatili sa pamamagitan ng “Highly Professional **No.1**”

Sa pamamagitan ng [2], mangyaring mag-aply ng Certificate of Eligibility ayon sa dating aktibidad. (Bagamat bibigyan kayo ng Visa na “Highly Professional No.1”, makakapagproseso para muling makapasok sa Japan na may “Highly Profession No.2” sa paliparan sa oras ng pagpasok.)